Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF THE CITY OF TAYABAS

**04 Dec 2023**

DIVISION MEMORANDUM
No. 663 s. 2023

**OBSERVANCE OF THE INTERNATIONAL VOLUNTEER DAY ON DECEMBER 05, 2023**

To: OIC-Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisors
Heads, Public Elementary and Secondary Schools
Heads, Unit/Section
All Others Concerned

1. The International Volunteer Day is an international observance mandated by the UN General Assembly in 1985, held December 5 of each year. This year's theme is **"The Power of Collective Action: If Everyone Did"** which centers on the power of everyone to contribute to raising awareness of the important role volunteers play in responding to humanitarian crises and challenges facing the world. In support to the IVD 2023, this Office advised all teaching, non-teaching personnel and learners to wear color red on **December 05, 2023** to showcase a sea of red in Tayabas City and Quezon Province.

2. All schools are also requested to conduct short discussion on the International Volunteer Day 2023 *(attached is discussion points)* and upload photo documentation to be submitted to Red Cross Quezon-Lucena Chapter through this link: *https://tinyurl.com/InternationalVolunteerDay2023*.

3. Attached is the official communication from Red Cross Quezon-Lucena Chapter for information and guidance of all concerned.

4. Immediate dissemination and compliance of this Memorandum is desired.

**CELEDONIO B. BALDERAS JR.**
Schools Division Superintendent

Encl.: As stated
Reference: Official Communication from Red Cross Quezon-Lucena Chapter
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

Red Cross
International Volunteer Day 2023

sgod - observance of the international volunteer day on december 05, 2023
NONE/December 04, 2023

**Address:** Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615 or (042) 710-0329
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://depedtayabas.ph

PHILIPPINE RED CROSS

PHILIPPINE RED CROSS
Quezon-Lucena City Chapter
Mailing Address: Doña Victoria St., Barangay 10, Capitol Compound
Lucena City, 4301 Quezon, Philippines
Tel.: (+63 42) 795 6853 • 0917 7909881 • 0917 1569143 • 0927 1310840
Email Address: quezonlucena@redcross.org.ph
Website: www.redcross.org.ph

November 28, 2023

**MR. CELEDONIO B. BALDERAS, JR.**
Schools Division Superintendent
Schools Division of Tayabas City, Department of Education /
Member, Board of Directors
PRC Quezon-Lucena City Chapter

SUBJECT: **Request Support of Schools Division of Tayabas City on the observance of the International Volunteer Day on December 5, 2023.**

**Dear SDS/Dir. Balderas;**

Humanitarian Greetings from PRC Quezon-Lucena City Chapter!

The Philippine Red Cross, as a member of the International Red Cross and Red Crescent Movement which was founded in 1863 on the premise of volunteerism, supports the observance of the International Volunteer Day (IVD) 2023 – a day to celebrate and promote volunteerism.

The IVD is an international observance mandated by the UN General Assembly in 1985, held every **December 5** of each year, which offers an opportunity for volunteer-involving organization and individuals to promote volunteerism and recognize volunteers' contributions to the achievement of sustainable development at local and international level.

This year's IVD theme is: The power of collective action: "If Everyone Did" which centers on the power of everyone to contribute in raising awareness of the important role volunteers play in responding to humanitarian crises and challenges facing the world.

We would like to respectfully request for the support of the Schools Division of Tayabaa City on the observance of the International Volunteer Day on December 5, 2023. With this, we propose the following:

1. For all students, teachers, and school non-teaching personnel to wear red t-shirt (or something red – polo or blouse, as appropriate) the whole day on December 5, 2023 to showcase a sea of red in Tayabas City and Quezon province;
2. To inform everyone the reason why they are wearing red on that day is in support of the IVD 2023;
3. To include topic on IVD observance and volunteerism in the classroom discussion on whatever school subject it may be appropriate (as a suggestion, see attached discussion points)

This we believe will create impact and greater awareness on the importance of volunteerism.

Respectfully yours,

**VICTOR M. DE LEON**
Chapter Administrator

**INTERNATIONAL VOLUNTEER DAY 2023**
**"Recognizing the power of collective action: if everyone did".**

Q: Ano ang volunteering o pagboboluntaryo?

A: Ang pagboboluntaryo ay ang kusang pagkilos ng isang indibidwal o grupo na malayang nagbibigay ng oras (time), paggawa (labor), resources (financial o materia) – na kadalasan ay para sa serbisyo sa kapwa o/at kumunidad.

Tumutulong ang mga volunteers upang matiyak ang tagumpay ng mga programa na nagbubunsod ng matatag na pamamahala, pinag-ibayong kalagayan ng lipunan, pandaigdigang kapayapaan, at mapanatili ang kaayusang. Bawat taon, milyun-milyong volunteers ang nagtutulungan upang maibsan ang kahirapan o paghihirap ng mga tao upang maging mas maginhawa ang buhay.

Higit pa sa pagsusulong ng kabutihan para sa lahat, pinag-iibayo rin ng mga volunteer ang sarili nilang mga buhay; nagkakaroon sila ng pag-unawa na tahanan nila ang bawat komunidad (They are member of the society/community).

Ang **Pagbo-boluntaryo o Bolunterismo** ay isang paraan ng paglilingkod at pagpapakita ng pagsuporta at pagmamahal sa kapwa at sa lipunan na walang hinihinging kapalit.

Ang ilang *benepisyo ng* ***bolunterismo*** ay ang kasiyahan na kanyang mararamdaman bunga ng paglilingkod; pagkakataon sa personal na paglago, pagkakaroon ng kontribusyon o bahagi sa pagpapabuti ng lipunan at pagkakataong makabuo ng suportang panlipunan at maayos na relasyon sa iba.

Ang paboboluntaryo ay maaring makapagbigay ng pakiramdam ng tagumpay at layunin bilang kabahagi ng isang komunidad; makatulong makapagpagaan ng pakiramdam sa sarili sa pamamagitan ng pagpapahalaga at kumpiyansa sa sari;paraan para maibahagi ang talent at matuto ng mga bagong kasanayan; paglikha ng maayos na balanse ng trabaho at buhay; tulong para labanan ang stress, kalungkutan, at depresyon; makakilala ng ibang tao/grupo upang na magbibigay ng pakiramdam na ikaw ay konektado at may halaga.

- *give you a sense of achievement and purpose*
- *help you feel part of a community*
- *help you feel better about yourself by improving your self-esteem and confidence*
- *help you share your talents, learn new skills and create a better work-life balance*
- *help combat stress, loneliness, social isolation and depression*
- *help you meet new people, which can help you feel more connected and valued*

Q: Ano ang International Volunteer Day at bakit natin sini-celebrate o ginugunita ito?

A: ANG International Volunteer Day (IVD), ay itinatag ng United Nations (UN) noong 1985, upang gunitain o ipagdiwang ang ating mga "Volunteers" tuwing ika-5 ng Disyembre ng bawat taon. Ginugunita ng mga gobyerno, ng UN system, at ng

lipunan ang araw na ito ipakita/ipaalam ang pagkilala, pagtanggap, at pagbibigay pugay sa mga volunteer organizations at mga individual volunteer na naglalaan at nagbigay ng kanilang panahon, kakayahan/talento, lakas, at/o financial o material (even blood donation) na tulong para sa mga individual, komunidad na mas higit na nangangailangan; katulad ng mga mahihirap na bansa (kahirapan), mga na-apektuhan ng mga kalamidad – katulad ng mga bagyo, pagbaha, pag-guho ng lupa, lindol, pag-putok ng bulkan, sunog, pandemya(COVID19), giyera o armadong labanan, tag-tuyot, at mga malawakang aksidente (mass casualty incident).

Ang IVD ay pinagtibay at ipinatutupad sa Pilipinas sa bisa ng Proclamation No. 194 na ipinalabas noong Disyembre 7, 1987 (time of President Corazon Aquino).

Q: Ano ang layunin ng IVD?

Isinusulong ng IVD ang kamulatan sa bolunterismo O pagbo-boluntaryo, na masusumpungan o makikita sa lahat ng mga lahi, kultura, lengguwahe, at relihiyon,

Hinihimok/hinihikayat ang mga tao at mga organisasyon na makisangkot o makiisa at pagtibayin ang kanilang mga itinataguyod lalo na sa mga may kinalaman sa pagtulong sa kapwa.

Nakikipagtulungan ang UN sa mga gobyerno, mga partner at voluntary organization, gaya ng, Red Cross, Rotary Club, Inner Wheel Club, Lions Club, at Scouts upang bumuo ng mga istruktura na magtataguyod at magpapanatili ng lokal na bolunterismo sa mga bansa. Sinusuportahan ng IVD ang UN at ang mga hangarin ng mga organisasyong ito na maibsan ang kahirapan at maisulong ang pangunahing edukasyon, pagkakapantay-pantay ng mga kasarian, pagbibigay-kapangyarihan sa kababaihan, kalusugan ng mga ina at kanilang mga sanggol, pag-iwas sa mga sakit, at pagpapanatili sa mayamang kalikasan.

Ang IVD, ay isang paraan ng pagkilala sa mga pagsisikap na ating mga volunteers (indibidwal o grupo/organisasyon (NGOs); ibahagi ang kanilang mga layunin at mga pinapahalagahan (efforts), at itaguyod ang kanilang mga gawain sa kumunidad.

Layunin ng IVD na ipahayag sa publiko ang pagpapaaas ng kamalayan ar kahalagahan ng pagboboluntaryo sa lakas at sigla ng ating kumunidad upang ma-ibsan ang mga paghihirap dulot ng mga sakuna at kahirapan sa pamamagitan ng mga magkakaugnay at sama-samang pagkilos.

Q: Ano ang "Theme" o Tema ng paggunita ng IVD ngayon taon-2023?

A: Ang "Theme" o Tema ng paggunita ng IVD ngayon taon-2023 ay **"Recognizing the power of collective action: if everyone did".**

"Pagkilala sa lakas ng sama-samang pagkilos: Kung ginawa ng lahat"

"Kung Ginawa o Gumawa ang bawat-isa o ang lahat..." – Hinahangad ang isang mundo o pamayanan kung saan aktibong tinatanggap ang bolunterismo o pabo-

boluntaryo na magpapatibay sa matatag na kumunidad batay sa pagtitiwala, respeto o paggalang, at pagkaka-pantay-pantay. Kung sama-sama ang bawat isa sa pagbabahagi, pagbibigay, pag-ambag at pag-suporta na lumilikha ng tuloy-tuloy na positibong epekto sa pagbabago ng buhay. Isipin na lang natin na kung anong lakas ang mailikha kung ang bawat lahat ay makiki-isa o sa-sali sa pagboboluntaryo ay mas higit na matutulungan at matutugunan ang malawakan at matitinding hamon na nagdudulot ng kahirapan.

Q: Ano-ano ang mga aktibidades o programa na Philippine Red Cross para sa pag-gunita o selebrasyon ng IVD 2023? Partikular ditto sa lalawigan ng Quezon…

A: Ang PRC, bilang miyembro ng International Red Cross and Red Crescent Movement na naitatag noon pang 1863 sa batayan (o premise) ng bolunterismo ay sumusuporta sa pagdiriwang ng IVD 2023 – natatanging araw para ipagdiwang at magbigay pugay sa ating mga volunteers at isulong ang bolunterismo.

Mga aktibidades:

1. Patuloy na pag-recruit ng mga RC143 Volunteers
2. Pagbibigay ng pagkilala sa mga natatangi at aktibong volunteers (individual o grupo) at kabahagi o partners ng PRC Quezon-Lucena City Chapter.
3. Paluloy na pagpapalaganap ng pagsulong ng bolunterismo sa pamamagitan nitong inyong programa (Radio Program).
4. DepEd Quzon, Lucena and Tayabas – maipalaganap ang kamalayan sa pagboboluntaryo sa mga estudyante o mag-aaral.
5. Hinihikayat natin ang lahat ng mga taga-Quezon nakikinig na ipakita ang suporta sa IVD sa pammagitan ng pagsusuot ng pulang kamiseta (red t-shirt) sa December 5, 2023.

VOLUNTEERING IN Philippine Red Cross: thru RC143 VOLUNTEER

The Philippine Red Cross 143 volunteers will serve as the "eyes, ears, hands and feet" of the community. The 143 volunteers will report to Red Cross, through available and convenient means of communication, their initial assessment and report of a disaster or any eventually that may lead to a disaster.

Join our Facebook group: **Philippine Red Cross - RC143 Volunteers**

**CONTACTS:**

**PRC Hotline: 143**
**PRC Quezon- Lucena City Chapter: 0927 131 0840**
**FB Page: Philippine Red Cross – Quezon Lucena Chapter**